



Editoryal

Laban sa Hacienda Luisita, inspirasyon sa buong bansa

Ang pakikibaka sa Hacienda Luisita Inc. (HLI) ay nagsisilbi ngayong sagisag ng laban sa pyudalismo at para sa tunay na repermang agraryo sa ilalim ng mahigit dantaon nang paghahari ng mga luma at bagong malalaking panginoong maylupa. Mala-king inspirasyon ito sa pagsusulong ng interes ng sambayanan at pakikibaka para sa pangunahing nilalaman ng bagong demokratikong rebolusyon: lupa para sa mga walang lupa. Nililikha ng sitwasyon sa Hacienda Luisita ang mas marami at mas mainam pang mga oportunidad para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan at digmang bayan.


Nailalarawan hindi lamang sa asyenda kundi sa buong bansa ang mahigpit na pagkakaisa at puspusang pakikibaka ng mga magsasa-

ka at manggagawang bukid sa asyenda para isulong ang tunay na repermang agraryo at basagin ang pyudal na monopolyo sa lupa. Nailalarawan ang kahang-hangang tapang at lakas, at ang masigasig na pagpupursige ng mamamayan sa asyenda sa kabilang labis-labis na mga disbentahe at sa harap ng mga panlilinlang, panggigipit at pandarahas ng malaking panginoong maylupa at kinakasangkapan nitong mga pwersa, ahensya at rekursong reaksyunaryong estado.

Ang mga tampok na sitwasyon sa HLI ay nagbibigay sa laban doon ng ibayong timbang sa pulitika at masaklaw na implikasyong sosyo-istoriko sa buong bansa.

Tumampok sa laban sa asyenda ang kahungkagan ng *stock distribution option* bilang tusong anyo ng kunwa'y pagpatupad ng reperma sa lupa, pero sa katunaya'y pagpapatuloy ng monopolyong pyudal sa asyenda. Pinatampok din nito ang iba pang mga paraan ng malaking panginoong maylupa para lalong gipitin at pahirapan ang mga magsasa-ka at manggagawang bukid doon.

Ang laban sa asyenda ay pinatampok lalo ng masaker na inihasik ng malaking panginoong maylupa at mga pasistang pwersa ng reaksyunaryong estado sa pagsisikap na wasakin ang welga limang taon na ang nakararaan, at ang di natitinag na paglaban ng mamamayan doon. Tama lamang na singilin ng mamamayan ang rehimeng US-Arroyo, ang malaking panginoong maylupa pang pamilyang Cojuangco at Aquino, at ang gina-



**Mga tampok
sa isyung ito...**

**Kasaysayan
ng Hacienda Luisita**
PAHINA 5

**Lider-magsasaka
sa Bikol, pinaslang**
PAHINA 7

18 armas, nasamsam
PAHINA 11

mit nilang mga pasistang pwersa sa panunupil at pagmasaker sa mga nagwewelgang magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda noong Nobyembre 16, 2004. Gayundin, wasto ang mariing pagbatiros sa pamilyang Cojuangco at Aquino sa ilang dekada na nilang matinding pagsasamantalahan at pang-aapi sa mga manggagawa at magsasaka sa Hacienda Luisita.

Ang di humuhupang paglaban ng mamamayan sa asyenda ay patuloy na nagsisilbing inspirasyon sa laban ng mga magsasaka at iba pang hirap, pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan. Natatangi ang naganap na welga sa Hacienda Luisita sa lawak at saklaw ng naabot nitong pagkakaisa, pagpupunyagi, mga sakripisyo at mga tagumpay.

Nabuo at napag-ibayo pa ang pinakamalawak na pagkakaisa at sama-samang paglaban ng mga manggagawang bukid at manggawa sa sentral, lubos na napakilos ang mga pamilya at komunidad nila at nakabig ang malawak na suporta ng mga demokratikong pwersa at sambayanang Pilipino. Nag-silbi itong makapangyarihang sandata sa pampolitikang pagpukaw at

pagmumulat sa malawak na masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Naging ganap na welgang bayan ito na nakapagsustini ng mala-kihang piket at saring anyo at laki ng suportang mga aksyon at protestang masa katulad ng mga rali sa lansangan, barikada at kum-prontasyon. Naparalisa nito ang asyenda at sentral sa loob ng mahigit isang taon at epektibo nitong binigo ang iba't ibang maniobra at pang-aatake ng malaking panginoong maylupa at mga galamay nito, kabilang ang pagmasaker, pau-lit-ulit na pamamaslang at pagtata-bak ng mga armadong pasi-tang tropa sa piketlayn at mga baryo ng asyenda.

Lagpas pa sa welga, napalawak ng mamamayan sa asyenda ang inisyatiba, pamamaraan at pleksi-bilidad sa kanilang pakikibaka at ang iba't ibang anyo ng direktang paggigiit ng karapatan sa lupa at hanapbuhay. Tampok dito ang laban ngayon ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa sama-samang pagbubungkal nila ng lupa ng asyenda para sa patuloy na paggigiit ng kanilang karapatan sa lupa at hanapbuhay. Ginawa nila ito habang nasa kaigtingan pa ng

pakikipaglaban sa sakim at malupit na malaking panginoong maylupa.

Batid ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda na ang mas mahaba, mas masaklaw, mas masalimuot at mas mapanghamon pang pakikibaka ay yuong para sa tunay na reforma sa lupa. Lalo itong pinatunayan ng malaking panginoong maylupa ng pamilyang Cojuangco na mula't sapul ay wala silang balak na bitiwan ang asyenda. Umaasa ang mga Cojuangco na bunga ng matagal na dislokasyon sa kabuhayan ng mga manggagawang bukid at sa pamagitan ng iba't ibang taktikang panlilinlang, panghahati at pang-gigipit, madidisorganisa at sa ka-launa'y mawawasak din ang lakas ng nagkakaisang mamamayan sa loob ng asyenda at ang suporta sa kanila.

Nananatiling mahigpit ang pangangailangang palakasin pa ang gawain sa pulitika at organisasyon, pahusayin pa ang mga taktika sa paglaban at makuha ang malawak na suporta ng bayan upang patuloy na nakahanda sa mahaba at mahirap pang laban. Dapat mas palakasin at gawing mas sustinido ang gawaing pagpapalalim at pagpapalaganap ng mga usapin sa asyenda at laban ng mga manggagawang bukid at manggawa sa asyenda, at pagsikapan ang pagpapalawak ng suporta sa kanila.

Ang laban na ito ay laban di na lamang ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda, kundi laban ng lahat ng mga magsasaka at manggagawang bukid na walang lupa at ng buong sambayanang Pilipino.

Dapat mataman ding subay-bayan ang mga pakana at maniobra ng pamilyang Cojuangco at kinakasangkapan nilang mga pasi-tang pwersa at rekursong reaksyunaryong estado, at pahusayin ang mga taktika laban sa kanila. **AB**

ANG Bayan

Taon XL Blg. 22 Nobyembre 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editoryal:

Laban sa Hacienda Luisita	1
Laban para sa bungkalan	3
Ika-5 taong anibersaryo ng masaker	4
Kasaysayan ng Hacienda Luisita	5
Lider-magsasaka sa Bikol, pinaslang	7
Mga paglabag sa EV	7
Paghirang kay Gonzales	10
Barkong LAKAS-KAMPI, lumulubog	10
18 armas, nasamsam	11
Bihag na militar, pinalaya	11
Laban sa Laiban Dam	12
Balita	13

Laban sa pagpapatigil sa bungkalan


Bigo ang pamilyang Cojuangco sa plano nitong palayasin ang mga residente ng Hacienda Luisita. Bunga ito ng matagumpay na sama-samang pagkilos ng mga residente para igit ang karapatan nilang manatili sa asyenda at patuloy na bungkalin ang lupang matagal nang dapat naipamahagi sa kanila. Ayon sa Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA), ang kasalukuyang pagbubungkal ng mga magsasaka at manggagawang bukid ang siyang bumubuhay sa 1,676 residente sa sampung barangay na saklaw ng asyenda: Malapacsiao (244.5 ektarya), Asturias (209.93 ektarya), Bantog (258 ektarya), Cut-cut (275.9 ektarya), Balite (153.4 ektarya), Mutrico (248 ektarya), Pando (163 ektarya), Texas (140 ektarya), Pasajes (60 ektarya) at Parang (51.5 ektarya).

Isang *memorandum* ang inilabas ng Hacienda Luisita Inc. (HLI) noong Disyembre 18, 2008 na nag-papatigil sa mga residente sa pagbungkal pa sa asyenda at tuluyang nagpapalayas na sa kanila rito. Inilabas ito isang araw matapos ipasa ng Mataas at Mababang Kapulungan ng Kongreso ang isang magkasanib na resolusyon ngagpapalawig sa CARP at kung saan boluntaryo na lamang ang paglahok ng mga panginoong maylupa sa reportang agraryo (ititigil na ang sapisitang pagbili ng gubyerno sa mga lupaing dapat ipamahagi).

Sa naturang *memorandum* ng HLI, sinabihan ang mga magsasaka na pagsapit ng Oktubre 30, 2009 ay dapat sira na ang lahat ng itinanim nila sa tinukoy na mga bahagi ng asyenda at nakalikas na sila sa lugar. Ayon sa *memorandum*, ang mga pwedeng magpatuloy sa pagbubungkal ng lupa sa asyenda ay yaon lamang magpaparehistro muna sa HLI bilang mga "lehitimong benepisyaryo" sa kondisyon na tahan-sang mag-

dedeklara sila ng pagsang-ayon sa iskemang *stock distribution option* (SDO.) Halos lahat ay di pumansin sa *memorandum* at ang ilang nagsparehistro ay mga tagalabas na ipinasok ng mga Cojuangco sa asyenda para manggulo sa hanay ng mga magsasaka roon. Dahil dito'y iniusog ng HLI ang dedlayn sa Nobyembre 15. Di pa rin tumupad sa bagong dedlayn ang mga magsasaka na patuloy sa mahigpit nilang pagkakaisa, at sa pananatili at pagbubungkal ng lupa ng asyenda. Samantala, patuloy ang kanilang mas matagalang pakikibaka para sa tunay na reforma sa lupa.

Ang sama-samang pagbubungkal ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa lupa na dating tinatamnan ng tubo ay tuwirang aksyon ng ma-



sa para igit ang karapatan sa lupa at hanapbhay. Ang bunga ng kanilang pagbubungkal ang siyang ikinabuhay nila at pinagmulan ng dagdag na panustos sa piket noong kaigtingan ng welga. Ito ang patuloy na bumubuhay sa kanila sa harap ng marurumi at madudugong pamamaraan ng mga Cojuangco para gipitin at mapalayas sila.

Direktang nakakawing ito sa isyu ng lupa at nagpatampok sa

usapin ng tunay na reforma sa lupa. Sa gayon, direktang naigiit ng masa, batay sa di karaniwang lakas ng pagkakaisa at paglaban nila at malawak na suportang tinatamasa nila, ang karapatan sa lupa at hanapbhay lampas sa makitid na ipinahihintulot at iniaalok ng huwad na reforma sa lupa.

Lalo itong nagpapatatag sa kanilang pagkakaisa at paglaban. Hindi basta makatkat sa kamalayan ng masa ang malalim na inukit ng sama-samang paglaban at organisadong inisyatiba upang igit ang kanilang demokratikong karapatan sa lupa at hanapbhay sa halip na umasa sa awa at limos ng panginoong maylupa at reaksyunaryong estado.

Ang kumplikadong taktikal na relasyon ng pagpupunyagi sa ligal na pakikibaka habang hindi nagpalimita sa makitid na hangganan ng batas sa huwad na reforma sa lupa ay lalo pang nagiging maselan. Ito'y dahil ang kalaban ay isa sa pinakamaimpluwensyang pamilya ng panginoong maylupa, at ang usapin ng SDO at aplikasyon ng reforma sa lupa sa mga plantasyon ng mga tanim na komersyal ay napakritikal na isyu para sa mga bagong-tipong panginoong maylupa, ang pinakamakapangyarihang bloke ng mga panginoong maylupa.

Gayunman, malinaw sa mga magsasaka at manggagawang bukid na hindi nagtatapos sa bungkalan ang kanilang paglaban at ito'y bahagi lamang ng kanilang pakikibaka. Kagyat na pantawid-gutom at pagpapalakas ng hanay ang layunin ng kanilang pakikibakang bungkalan. Kaalinsabay nito, batid nilang segundaryo ito sa kanilang pakikibakang unyon at pamplitika at nakatutulong sa pagsusunti at higit pang pagsusulong ng kampanyang masa laban sa SDO at nagpatuloy na pangunahing laban nila para sa tunay na reforma sa lupa.

Ika-5 anibersaryo ng masaker sa Hacienda Luisita, ginunita

Naglunsad ng serye ng mga pagkilos ang mga manggagawa at magsasaka ng Hacienda Luisita at mga tagasuporta nila para guni-tain ang ika-limang anibersaryo ng masaker sa asyenda na naganap noong Nobyembre 16, 2004. Pinangunahan ng United Luisita Workers Union (ULWU) at Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) ang mga pagkilos.

Kasama ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at iba pang mga tagasuporta, nagpiket noong Oktubre 30 ang mga myembro ng ULWU at AMBALA sa tapat ng Jose Cojuangco and Sons Building sa Makati, ang punong himpilan ng pamilyang Cojuangco. Ang araw na ito ang unang dedlayn para sa pag-papatigil sa pagbubungkal ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda. Dahil sa tindi ng pagbatikos, napilitan ang mga Cojuangco na palawigin ang dedlayn hanggang Nobyembre 15.

Isa pang rali ang ginanap sa Mendiola noong Nobyembre 6 kung saan ipinanawagan ng mga nagpoprotesta ang pagbasura sa Comprehensive Agrarian Reform Program with Extension and Reform (CARPER). Ang bagong programa ay di lamang nagpalawig sa huwad na CARP kundi nagpasahol pa rito dahil tahanang ginawang voluntary na lamang ang implementasyon ng repermang agraryo. Binatikos din ng mga raliyista si Gloria Arroyo sa kawalang-aksyon niya sa nangyaring masaker.

Isang *caravan* naman ang pinangunahan ng partidong Anakpawis kasa-ma ang iba pang progresibong organisa-syon noong Nobyembre 12-16. Umabot sa 100 sasakyang ang lumahok sa huling yugto ng *caravan* mula sa tanggapan ng Department of Agricul-

ture sa Elliptical Road sa Quezon City patungong Hacienda Luisita sa Tarlac noong Nobyembre 16 at doon nila ginunita ang masaker. Bahagi ang pagkilos ng pandaigdigang araw ng protesta laban sa panunupil sa unyonismo ng mga manggagawa.

Pagdating sa Hacienda Luisita, ang *caravan* ay sinalubong ng mga magsasaka at manggagawang bukid ng asyenda. Nagmartsa ang 2,000 nagpoprotesta hanggang sa Gate 1 ng Central Azucarera de Tarlac na siyang pinangyarihan ng masaker. Kinalampag nila ang tarangkahian. Kinagabihan ay naglunsad sila ng kulturang pagtatanghal. Ipinanawagan nila ang hustisya at lupa para sa mga magsasaka.

Ayon kay Renato Reyes, Jr., pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), "Ang rehimeng Arroyo, sa pamamagitan ng Department of Labor, at ang Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police, kasama ang maneydsment ng Haci-



enda Luisita ang siyang responsa-ble sa trahedyang Nobyembre 16, 2004. Di natin nakakalimutan at di natin dapat kalimutan ang kanilang nagpapatuloy na pananagutan."

"Ang Hacienda Luisita ay simbulo ng kabiguan ng umiiral na gu-byerno, mula sa rehimeng Aquino hanggang sa kasalukuyan, na resol-bahin ang problemang agraryo na nagnanaknak sa buong bayan. Ang Hacienda Luisita ay isa lamang sa maraming malalaking lupain sa bansa kung saan nananatili ang kontrol ng malalaking panginoong maylupa at ang pagsasamantala ni-la sa mga magsasaka," ani Reyes.

May natatanging papel ang la-ban sa asyenda laluna't isa sa mga heredero nito, si Sen. Benigno "Noynoy" C. Aquino III ay isa ngayon sa mga nangangarap na maging presidente ng bansa. Hindi sapat na sabihin niya na maliit la-mang ang bahagi niya at ng pamilya niya sa asyenda. Aniya'y 4% la-mang ang pag-aari ng kanyang pa-milya rito. Pero ikinukubli nito ang patuloy na pagsuporta ni Aquino sa nagpapatuloy ding interes ng buong pamilya na mahigpit na kon-trolin ang asyenda.

Ikinakatwiran niyang masya-dong marami ang mga magsasaka at manggagawang bukid samanta-lang kaundi lamang ang natitirang lupa ng asyenda. Kaya di na raw maaaring ipamahagi ang lupa sa asyenda sa mga nagbubungkal ni-to. Sa halip, balak nilang ibenta na lamang ang lupa at itira ang asukarera.

Ang totoo, malaki pa ang lupa ng asyenda na maaaring ipamahagi ngunit sadyang paspasang pinalili-it ng pamilyang Cojuangco ito. Pan-gunahing inaatupag ng pamilya nitong nakaraang mga taon ang pagbebenta, pagpapaupa at pag-papalit-gamit ng paparaming bahagi ng asyenda mula sa agrikulti-ral tungo sa komersyal, industriyal at residensyal na gamit. **AB**

Kasaysayan ng Hacienda Luisita at magiting na pakikibaka

Bago pa man mapasakamay ng malaking panginoong maylupang pamilyang Cojuangco ang pag-aari sa asyenda ay umiiral na ang matinding pangangamkam ng lupa at pyudal na pagsasamantala at pang-aapi sa mga magsasaka.

Taong 1882, panahon pa ng kolonyalismong Espanyol nang igawad ng hari ng Spain sa Compañía General de Tabacos de Filipinas (Tabacalera) ang pagmamay-ari ng lupang saklaw ngayon ng Hacienda Luisita. Sa loob ng halos kalating siglo ay tinamnan ng tabako ang asyenda. Subalit mula 1920, ilang taon makaraang pumalit ang kolonyalismong US, ay ginawa na itong tubuhan. Bunsod ito ng pagbubukas ng US sa malawakang importasyon ng asukal mula sa mga kolonya nito. Lumaganap ang mga taniman at gilingan ng tubo sa malalawak na bahagi ng bansa. Itinayo noong 1927 ang Central Azucarera de Tarlac sa lupa ng Tabacalera.

Noong huling bahagi ng dekada 1940 hanggang sa kalakhan ng dekada 1950, sumigla ang pagkilos sa hanay ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa Central Luzon, kabilang ang mga nasa Central Azucarera de Tarlac. Lumakas ang panawagan nilang mapasakanila ang lupang sinasaka nila. Ang katayong United Luisita Workers' Union (ULWU) na kinabibilangan ng mga manggagawang bukid sa tubuhan ay naglunsad ng welga noong 1957 laban sa pagtanggi ng mga Espanyol na may-ari ng asyenda na kilanlin ang unyon at bigyang-katuparan ang kahilingan ng mga manggagawang bukid para sa lupa. Kaalinsabay, sa paligid at loob ng asyenda ay lumalakas na rin ang armadong rebolusyonaryong

kilusan na nagtaguyod ng kapatian ng mga manggagawang bukid na magkalupa at mag-organisa ng sarili.

Mabigat na pinroblema ng mga Espanyol na may-ari ng asyenda ang paglaban ng mga manggagawang bukid sa asyenda at manggagawa sa sentral, kaya noong 1957 ay binitiwan na nila ang asyenda at umalis na sila sa bansa. Ngunit bago sila umalis, namagitan ang rehimeng Magsaysay para mabili ng malapit na alyado nitong si Jose "Peping" Cojuangco Sr. ang asyenda at sentral. Noon pa man, ang pamilyang Cojuangco ay isa na sa pinakamayayamang pamilya sa buong bansa. Mula sa nauna nilang maliit na gilingang sentral sa Paniqui, Tarlac ay may lumalaking interes na sila sa pagtatanim ng tubo at pagluluwas ng asukal. Pero para mabili nila ang mas malaking asyenda at sentral ng Hacienda Lu-

isita, nangailangang mangutang ang pamilya nang malaki mula sa isang malaking bangko sa US, bukod pa sa Government Service Insurance System. Itinayo ng mga Cojuangco ang Tarlac Development Corporation (Tadeco) para rito. Ang garantiya ng gobyerno sa mga utang ng mga Cojuangco na nagbigay-daan sa pag-angkin ng Tadeco sa Hacienda Luisita at Central Azucarera de Tarlac noong 1957 ay may kondisyon ipamamahagi ng pamilya ang lupain sa mga manggagawang bukid sa asyenda maka-raan ang sampung taon.

Subalit nang lumampas na ang 1967 at dumaan na rin ang sampa pang taong palugit nang walang pamamahagi ng lupa na ipinatutupad ang mga Cojuangco, lumakas ang angal ng mga manggagawang bukid sa di pagtupad ng obligasyon ng panginoong maylupa. Noong 1980 ay nagsampa na ng kaso ang mga manggagawang bukid laban sa mga Cojuangco. Noong Disyembre 1985, nagpasya ang korte na dapat na ngang ipamahagi sa mga manggagawang bukid ang lupa, pero umapela laban dito ang pamilyang Cojuangco.

Nang maibagsak ang pasistang diktadurang Marcos noong Pebrero 1986 at makaupo na sa Malacañang ang ikaanim na anak ni "Peping"



Cojuangco Sr.—si Corazon Cojuangco Aquino—ang dantaon nang iginigiit ng mga magsasaka na magkaroon ng lupang mabubungkal ay sumambulat at naging madagundong na panawagan di na lamang sa Hacienda Luisita kundi sa buong bansa. Ngunit tulad ni Marcos, walang totoong kagustuhan si Aquino na magpatupad ng tunay na reforma sa lupa.

Naganap ang Masaker sa Men diola noong Enero 22, 1987 nang dahasin ng mga gwardya ng Palasyo at iba pang pwersang militar at pulisia ng reaksyunaryong estado ang mga magsasaka at iba pang rallyista na nagmartsa roon mula pa sa mga prubinsya para dalhin sa tarangkahan ng Malacañang ang kanilang kahilingan para sa tunay na reforma sa lupa. Lalong pinatampok ng karumal-dumal na masaker na ito ang kahilingan ng mga magsasaka para sa lupang mabubungkal.

Tinangka ng rehimeng Aquino na lansihin ang mga magsasaka sa pamamagitan ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), na naging batas noong Hunyo 1988.

Huwad at maka-asendero na nga ang CARP, gumawa pa ang pamilyang Cojuangco ng iskema para iwasan ito. Inikutan ng Malacañang at pamilyang Cojuangco ang implementasyon ng CARP sa Hacienda Luisita sa pamamagitan ng pagbalangkas ng iskemang *stock distribution option* (SDO) na ginawang bahagi ng CARP. Sa katunayan, binuo na ng pamilyang Cojuangco at ng rehimeng Aquino ang SDO bago pa man maisabatas ang CARP, at tusong isiningit ang iskemang ito sa Execu-

tive Order 229, isang taon bago pa man maipasa ang CARP. Nagsilbi itong batayan para dalawang buwan bago pa man maisabatas ang CARP ay tuluyang napawalambisa ang kasong nakasalang noon sa Court of Appeals kaugnay ng paglabag ng mga Cojuangco sa kasunduan para sa pamamahagi ng lupa ng Hacienda Luisita.

Gamit ang SDO, sa halip na ipamahagi sa mga nagbubungkal ang lupa ng asyenda ay “nagkaloob” ang mga Cojuangco ng mga sapi sa isang bagong korporasyong sadyang itinayo para lamang sa pagpapatupad ng iskemang ito—ang Hacienda Luisita Inc. (HLI). Subalit ang mismong sentral, ang mga makinarya, ang mga lupang di agrikultural, at mga komersyal, industriyal, residensyal at iba pang malalaking interes ng mga Cojuangco sa asyenda ay nanatiling pag-aari ng Tadeco at Central Azucarera de Tarlac at hindi ipinasok sa HLI para di mabawasan ang monopolyong pag-aari ng mga Cojuangco sa mga ito.

Kapalit ng mga lupaing dapat maipamahagi sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda, kunwa'y binigyan sila ng 33% ng mga sapi sa HLI na paghahatian ng mahigit 5,700 magsasaka at manggagawang bukid.

Ang mga bahagi ng sapi na ipapangan sa mga magsasaka at manggagawang bukid ay itinali pa sa kabuuang bilang ng oras ng pagtatra baho nila para sa sentral. Mabubura ang bahagi sa mga sapi ng mga tumigil sa pagtrabaho sa sentral.

Unti-unti nang nababawi ng mga Cojuangco ang bahagi ng mga sapi ng mga sinesante na sa kanilang trabaho sa asyenda, at lumiliit

ang kabuuang mga sapin nakalaan sa mga magsasaka at manggagawang bukid. Gumagawa ang HLI ng iba't ibang paraan para mag-alisan ang mga nagtatrabaho roon, kabilang na ang tahasang pagsisisante, ang sadyang pagbabawas ng mga oras ng paggawa at maraming pagkakaltas sa sahod (kaya sa karaniwa'y mga ₩9.50 na lamang ang natitirang sahod ng bawat manggagawa sa isang araw ng paggawa). Kinakasangkapan din ng mga Cojuangco ang mga pwersa ng AFP, PNP at CAFGU para tuluy-tuloy na gipitin ang mga lider at myembro ng mga unyon ng mga manggagawa at manggagawang bukid sa asyenda.

Malaking bahagi na ng 6,453 ektaryang lupain ng asyenda ang naipailalim na sa pagpapalit-gamit. Noon pang 1995 ay mahigit 3,500 ektarya na ang nakatakdang ibaling sa komersyal, industriyal at residensyal na gamit. Bukod dito, umabot na sa 2,000 ektarya ng asyenda ang naibenta o ipinauupa na ng mga Cojuangco sa mga dayuhan at sa mga pinapaborang lokal na negosyante at pulitiko.

Layunin ng mga Cojuangco na gawing pangunahing sentrong komersyal ng prubinsya ang Hacienda Luisita para mapakinabangan nila ang higit na pagpapataas ng presyo ng lupa. Kaya nakipagkutsahan sila sa magkakasunod na rehimen para itawid sa pinakagitna ng lupain ng asyenda ang ₩170-milyong Subic-Clark-Tarlac Expressway (SCTEx). Kumita sila ng milyun-milyong pisong tubo nang bilhin ng gubyerno ang ginamit ditong 83 ektarya ng lupa ng asyenda sa presyon mahigit sampung ilit na mataas kaysa sa halaga nito.

Bunga ng kasakiman, pandaya at pang-aapi sa kanila ng maneydsment, sunud-sunod ang mga inilulunsad na laban at isinasampang kaso ng mga magsasaka



“Kasaysayan...,” sundan sa pahina 7




Lider-magsasaka sa Bicol, pinaslang

Pinakatampok sa mga pasistang krimen ng rehimeng US-Arroyo ngayong Nobyembre ang walang awang pagpaslang sa isang lider-magsasaka at kasapi ng partidong Anakpawis sa Camarines Sur. Bukod sa kanya, dalawang magsasaka rin ang sinalbeyds ng mga sundalo sa Sorsogon. Dinukot namang dalawa pang magbubukid sa parehong prubinsya at hindili pa inilitaw hanggang ngayon.

Nobyembre 19. Iligal na ginamit ng militar ang *"email account"* ng Human Rights and Information Center (HRIC) at Panay Alliance-

Karapatan para manloko. Gamit ang *email* ng dalawang organisasyon, nagpadala ng isang pa-



hayag at AFP dito sa midya na pumupuri sa mga gawain ng militar sa bulubunduking barangay ng Capiz at Iloilo. Nilagdaan ito ng nagngangalang "Leeboy", na nananawagan sa kanyang mga "kasamahan" na magsalong na ng kani-lang mga sandata at magbalik-loob sa gubyerno.

Nobyembre 10. Pinaslang si Rodrigo Torres, lider ng Bicol Coconut Planters Association Inc. (BCPAI) at kasapi ng Anakpawis sa Camarines Sur. Pinaslang si

"Kasaysayan...," mula sa pahina 6

at mga manggagawang bukid laban sa HLI at mga Cojuangco.

Noong Setyembre 2003, binoykot ng mga magsasaka at manggagawang bukid ang eleksyon para sa mga kinatawan sa lupon ng HLI dahil balewala ang apat na kinatawan nila sa pitong kinatawan ng mga Cojuangco. Noong Oktubre 2003, ang mga myembro ng ULWU at pati mga superbisor ng HLI ay nag-apela sa Department of Agrarian Reform (DAR) para pawalambisa ang SDO dahil hindi ibinibigay ng HLI ang dapat mapunta sa kanilang mga dibidendo sa sapi, ang 1% na bahagi nila sa kabuuang benta ng HLI at ang 33% bahagi mula sa mga benta ng mga lupa. Noong Disyembre 2003, ang mahigit 5,000-kataong Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA) ay nagsampa ng petisyon sa DAR para pawalambisa ang SDO at kapalit ay direkta nang ipamahagi sa kanila ang mga lupa ng asyenda.

Dahil sa pagmamatigas ng maneydsment ng HLI, umigting ang pakikipaglaban ng mga manggagawang bukid sa iba't ibang paraang ginagawa ng mga Cojuangco para masisante ang mga lider, mawasak ang mga unyon sa asyenda—kapwa ang 5,000-kataong United Luisita Workers Union at ang 700-kataong Central Azucarera de Tarlac Labor Union—at mapagkaitan ng makatarungang sahod at mga benepisyo ang mga myembro nito. Naobliga ang mga unyong ito na maglunsad ng welga noong Nobyembre 2004.

Nobyembre 6, nagpiket sila at hinarangan ang Gate 1 at 2 ng sentral. Nobyembre 10, naglabas ang Department of Labor and Employment (DOLE) ng kau-

tusang Assumption of Jurisdiction (AJ). Binigyang-katwiran ng AJ ang mga pulis at militar na gamitan na ng dasas ang pagbubuwag sa welga. Sa tulak din ng mga Cojuangco, kabilang na si Benigno "Noynoy" Aquino III na siyang kongresistang kumakatawan noon sa distrito, lalong pinanggigilan ng Northern Luzon Command ng AFP ang mga nagwewelga at ginawang pokus ng kanilang kampanyang militar ang asyenda sa pagdadahilang pakana raw ng mga komunista ang pag-aalsa ng mamamayan doon.

Nobyembre 16, 2004, marahas na binuwag ang welga. Isang madugong masaker ang naganap, kung saan pitong manggagawa ang kaagad na nasawi at pitong iba pang seryosong nasugatan ang namatay mukaraan ang ilang araw.

Hindi nakuntento ang rehimeng Arroyo, ang mga pwersang militar at pulis at ang mga Cojuangco sa masaker. Pinaghahanap at sunud-sunod pang pinagpapatay ang mga lider at tagasuporta ng mga lumalabang magsasaka at manggagawang bukid sa asyenda. Kabilang sa iba pang pinaslang sina Marcelino Beltran, tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Tarlac (Disyembre 8, 2004); Konsehal Abelardo Ladera (Marso 3, 2005); Fr. William Tadena (Marso 13, 2005); Ricardo Ramos, presidente ng CATLU (Oktubre 25, 2005); at Bishop Alfredo Ramento ng Iglesia Filipina Independiente (Oktubre 3, 2006). Si Ronald Intal, isang lider-kabataan ay dinukot noong Abril 3, 2006 at hanggang sa kasalukuyan ay nawawala pa rin.

Hanggang ngayon ay wala pang kahit isa sa mga militar o pulis na sangkot sa masaker ang pinarurusahan. Lalunang hindi pa napananagot ang mismong mga nag-utos ng masaker.

AB



Torres ng mga di nakikilalang berdugo ng rehimeng Arroyo malapit sa kanyang tirahan sa Barangay San Pablo, Del Gallego, Camarines Sur.

Ayon kay Felix Paz ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), pinatay si Torres dahil sa kanyang pakikipaglaban para sa mga kapatagan ng mga magsasaka na magkaroon ng sariling lupa. Bilang lider ng BCPAI, mariin ding ipinakikipaglaban ni Torres na maibalik ang pondo ng *coconut levy* at lupa sa mga magsasaka.

Si Torres ang ika-51 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Camarines Sur at ika-196 na biktima sa rehiyon ng Bicol.

Nobyembre 5. Nireyd ang lokal na upisina ng Makabayang Koalisyong Para sa Mamamayan (Makabayan) sa Iligan City. Ayon sa Makabayan, tinangay ng mga nagreyd ang mga litrato ng ilang myembro ng League of Filipino Students. Kinuha rin nila ang ilang mahahalagang dokumento at laman ng mga kompyuter.

Nobyembre 4. Dinukot ng mga elemento ng 49th IB ang mga magsasakang sina Barangay Kagawad Jerry Doctor, 39 anyos at Jose Lustistica, 36 anyos, parehong residente ng Barangay Maalo, Juban, Sorsogon. Pumunta lamang sa kanilang taniman ang mga biktima dakong alas-7 ng umaga nang masabat ng mga nag-ooperasyong militar. Hanggang ngayon ay hindi pa sila inililitaw.

Nobyembre 3. Natagpuan bandang alas-4 ng hapon ang mga bangkay nina Hernani Requijo Jr., 34 at Jesus Reonico na dinukot ng mga elemento ng 2nd IB noong Oktubre 28 sa Barangay Mabayawas, Libon, Albay.

Bakas sa mga bangkay ng mga biktima ang matinding tortyur at pahirap na ginawa sa kanila. Gini-

litan ng leeg ang isa, sinaksak at tinanggalan ng mga kuko.

Saksi ang asawa ni Hernani na si Vivian Requijo at tatlo pang sibilyan nang sapilitang dahlin ng mga sundalo ang dalawang biktima. Tinakot sila ng militar na huwag magsusumbong kahit kanino kaya lumipas ang ilang araw bago nila ito isinumbong sa pulisy.

Oktubre hanggang sa kasalukuyan. Isang anti-komunistang grupo, ang Krusada Kontra Komunista (KKK), ang namumudmod ng mga litratong naglalarawan kina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at Teddy Casiño, at Gabriela Rep. Liza

Maza bilang mga demonyo. Kabilang din sa mga ipinamumudmod ng KKK simula Oktubre ay mga pinapangit ding litrato ng mga lider ng mga unyon ng plantasyon ng saging.

Ayon kay Romualdo Basilio, tagapagsalita ng Anakpawis sa Compostela Valley, hindi magtagumpay ang mga paninira laban sa mga progresibong grupo at paggamit ng komunistang pananakot. Alam ng mamamayan ng Compostela Valley na ang militar ang totoong kalaban ng mamamayan at hindi ang mga nakikipaglaban para sa kanilang kapakanan, aniya. AB

Abusong militar sa Eastern Visayas

Sumusunod ang pinakahuling mga ulat ng pang-aabusong militar sa iba't ibang lugar sa Eastern Visayas kung saan nananalasa ang malupit na Oplan Bantay Laya 2:

Oktubre 23. Inistrapping at giniba ng nag-ooperasyong mga elemento ng 63rd IB ang kubo ni Walde Mañozo, isang magsasakang taga-Barangay Capotoan, Las Navas, Northern Samar. Ibinuhos at ikinalat pa ng militar ang palay na panimula pa lang na inani ng pamilya. Kinatay pa ng mga sundalo ang alagang baboy ng pamilya.

Ginulpi at pilit na isinama sa paggalugad nila sa kagubatan ang tatlong kagawad ng barangay na nagpunta sa bahay ni Mañozo kina-bukasan para siyasatin ang kanyang kalagayan. Pati ang kapitan ng barangay na umalam sa sinapit ng mga kagawad ay binugbog.

Agosto 27. Pinaslang ng mga nag-ooperasyong elemento ng 63rd IB sa pamumuno ni 1Lieutenant Cadil sina Sherwin Malino, isang magsasaka at Melvin Basiloy, kagawad ng Barangay Sumuroy, Lope de Vega, Northern Samar. Sinaksak si Malino at si Basiloy naman ay nagtamo ng maraming tama ng bala sa katawan. Nasa kanilang sakahan ang mga biktima nang masabat ng mga tropa.

Agosto 7. Binugbog at tinortyur ng militar si Joy Elizalde, 22 anyos, myembro ng organisasyon ng mga magsasaka sa Sityo Cadaragan, Barangay Can-aponte, San Jose de Buan, Samar. Nagdadamo sa kanyang bukid si Elizalde mga alas-8 ng umaga nang biglang palapit ng nag-ooperasyong mga sundalo ng 34th IB sa pamumuno ni Lt. Ramil Palisoc. Dinala si Elizalde sa masukal na bahagi, pinaupo, sinakluban ng plastik ang ulo, tinakpan ng panyo ang bibig, ginapos



ang mga kamay at piniringan. Di pa nakuntento ang mga sundalo, pinadapa si Elizalde sa lupa, tinungtungan ang kanyang likod at ilang beses na hinampas ng kawayan ang kanyang talampakan. Inakusahan si Elizalde na myembro ng BHB at pinitilit na maging giya papuntang kampo ng BHB kahit wala siyang kaalaman dito.

Kalauna'y nakalag ang kanyang gapos. Kinuha niya ang piring sa kanyang mga mata at ang panyong nakabusal sa bibig. Humingi siya ng saklolo sa kanilang bahay. Nang magtanong ang ina ni Elizalde kung anong nangyari sa kanyang anak, sumagot ang mga sundalo na mayroon lang silang itinanong sa biktima. Matapos ito ay pinapirma si Elizalde ng dokumento na nagsa-saad na hindi siya binugbog. Binalaan siyang papatayin kapag nag-ulat siya sa asawa na siya'y tinortyur.

Hulyo 12. Tinortyur ng mga nag-ooperasyong elemento ng 34th IB sa pamumuno ni Lt. Joey Rey C. Serviñas si Eric Gacuma, 29 anyos at myembro ng organisasyon ng magsasaka sa Barangay Fernandez, San Jose de Buan, Samar.

Nangyari ang pagtortyur sa bukirin ng biktima sa Barangay Catay-dungan, San Jose de Buan. Naalerto ang biktima nang magkahulang ang kanyang mga aso sa masukal na bahagi ng kanyang bukirin. Nang lapitan niya ang lugar ay na-kita niya ang mga nakatagong sundalo. Bigla na lang siyang pinaratangang myembro ng BHB. Sinakluban ng plastik ang kanyang ulo at piniringan siya ng panyo. Binigyan siya ng itak at inutusang makipag-away sa isang sundalo. Nang hindi siya sumunod, pinatakbo siya kahit nakatali ang mga kamay. Hindi siya



tumakbo dahil sa takot na barilin. Matapos ito ay dinala siya sa masukal na lugar kung saan siya hinubaran. Pinaso ang kanyang ari ng sigarilyo at ilang beses siyang binigwasan. Isinalpok sa lupa ang kanyang ulo at sinakal siya.

Ibinitay nang patiwak ang biktima. Matapos ito, ibinaba siya at inapak-apakan ng dalawang sundalo. Pinasukan ng daliri ang kanyang lalamunan. Tinadyakan pa nang apat na beses ang kanyang ulo.

Anim na beses na kinulata ng M16 ang kanyang katawan nang itanggi niyang may kaalaman siya sa kinaroroonan ng kampo ng BHB. Nang paulit-ulit niyang itanggi na may kaalaman siya, paulit-ulit ding kinulata ng M14 ang kanyang leeg. Pinatihaya siya at tinutukan ng bayoneta ang tiyan. Muli siyang pinatakbo pero hindi niya ginawa sa takot niyang barilin siya. At saka lamang tinanong ang kanyang pangalan at kung may kilala siyang sundalo. Nang masagot niya ang mga tanong, pinakawalan siya at tinakot na papatayin kapag nag-report siya sa asawa tungkol sa pag-papahirap sa kanya.

Hulyo 30 hanggang sa kasilukuyan. Pitong pamilya ng tribong Manobo na kinabibilangan ng 45 katao ang patuloy na hinahamlet ng 19th IB sa Barangay Hilapnitan, Baybay, Leyte mula pa noong Hulyo 30.

Layunin ng AFP na pasukuin ang iba pang mga Manobo kahit wala silang kasalanan. Ipinagkalat nila na armado na ang mga Manobo at sumampa na sa BHB kaya kung hindi sila susuko ay papatayin sila kapag nadaanan.

Dahil sa matinding takot, napi-litan ang mga pamilya na pumasok

sa gayong kasunduan. Pinangakuhan silang bibigyan ng lupa, bahay at hanapbuhay. Ngunit lahat ng ito ay hindi tinupad.

Sa halip na pabalikin ang pitong pamilyang Manobo sa kanilang mga bahay sa Barangay Cagbana, Burauen, inilipat sila sa Barangay Hilapnitan, Baybay. Isiniksik sila sa isang bahay at parang mga bilanggong nirarasyunan lang ng dalawang salop ng bigas bawat araw. Dahil hindi sila binibigyan ng panustos sa kanilang iba pang pangangailangan ay napipilitan ang mga Manobo na magputol ng kahoy para maibenta at magamit ang kaunting kita para ibili ng kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan.

Dahil pinagbabawalan silang lumayo nang lampas 300 metro mula sa kanilang tinitirhan, mala-king problema nila ngayon ang paghahanapbuhay sa nakasanayan na nilang gawain gaya ng pagkuha ng yantok, panghuhuli ng baboy damo, pag-aabaka at pagtatanim. Napipilitan silang sumunod sa kagustuhan ng militar dahil nakabantay sa kanilang harapan ang isang iskwad ng 19th IB.

Hulyo 2-6. Dalawampung tao mula sa Barangay Cagbana, Burauen, Leyte ang tatlong beses na pinaluwas papuntang Barangay Can-siboy. Pilit na pinaaamin ang natrang mga residente na mayroon umano silang mataas na katungkuluan sa BHB at ang iba ay pinaa-min na mga tagasuporta ng BHB. Sa bawat luwas nila ay nililitrathuhan sila na may bitbit na pangalan at kung ano ang ranggo umano nila sa rebolusyonaryong kilusan. Bibigyan umano sila ng kabuhayan. Pero kalaunan ay hindi sila binigyan ng anumang benepisyo ng DSWD dahil hindi naman daw sila talaga mga myembro ng BHB. **AB**

Paghirang kay Gonzales sa DND, tinuligsa

Tinuligsa ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pagkakahirang kamakailan kay Norberto Gonzales bilang bagong kalihim ng Department of National Defense (DND). Si Gonzales, dating National Security Adviser ay nanumpa bilang hepe ng DND nitong Nobyembre 16 kasabay ng pagbitiw ni Gilbert Teodoro Jr., na tatakbo bilang presidente sa 2010 sa ilalim ng partido ng administrasyong Arroyo.

Ang pagkakahirang sa kleriko-pasistang si Gonzales sa bagong pwesto ay bahagi ng pakana ng Malacañang para mapanatili si Gloria Arroyo sa poder pagkatapos ng kanyang termino sa Hunyo 2010. Inilagay siya sa sensitibong pusingitong ito para matiyak niya ang patuloy na paghahari ng rehimeng US-Arroyo. Ito ay dahil sa kala-gayang hindi masisiguro ang pana-

lo ng kandidato ng administrasyon sa darating na eleksyon pang-panguluhan.

Sa lahat ng mga sarbey ay halos hindi umaangat si Teodoro at iba pang mga kandidato ng administrasyon. Dahil sa pangungulelat na ito ay mahihirapan ang rehimeng Arroyong makapangibabaw sa halalan kahit daanin pa ito sa malawakang dayaan.

Kaya lalong lumalaki ang posibilidad na matuloy ang malaon nang inilalako ni Gonzales na "gubyernong transisyon" bilang paraan ng pagpapalawig sa termino ni Arroyo.

Batay sa plano ni Gonzales, ang pinapanukala niyang "gubyernong transisyon na pinamumunuan ng konseho" ang siyang magpapatakbong pamahalaan at siyang mangangasiwa sa pagbabalangkas ng bagong konstitusyon bago ang pambansang halalan sa Mayo 2010. Si Arroyo ang napipisil ni Gonzales na mamumuno sa konsehong pantransisyon. **AB**

Palubog na barkong LAKAS-KAMPI

Idinaos nitong Nobyembre 19 ng LAKAS-Kamipi-CMD ang pambansang kumbensyon nito sa gitna ng di maampat-ampat na paglikas ng mga myembro nito.

Mistulang kapitan ng barkong lumulubog si Gloria Arroyo nang buong tamlay niyang buksan ang kumbensyon ng kanyang partido. Noong araw mismong iyon ay ina-min ng isa sa mga upisyal ng LAKAS-Kamipi-CMD na 30-40% na ng kasapihan nito ang kumakalas. Pinakahulung lumisan sa partido ang mag-asawang Ralph Recto at Vilma Santos. Si Recto ay dating Economic Planning Secretary at si Santos, isang popular na artista, ay gubernador ng Batangas. Inaasahang dadami pa ang kakalas hanggang papalapit ang dedlayn sa pagsasampa ng kandidatura sa Disyembre 1.

Tuluy-tuloy ang pangungulelat ng mga kandidato ng LAKAS-Kamipi-CMD sa mga sarbey at ang pangunguna ng mga kandidato ng oposisyon. Sinasalamin nito ang labis na pagkakahiwatalay ni Arroyo sa mamamayan bunga ng matinding pagkamuhi sa kanyang rehi-

men.

Dahil hindi na matitiyak ang panalo ng mga kandidato ng nag-haharing rehimen kahit magsagawa pa ito ng malawakang pandaraya, umatras na sa pagtakbo bilang bise presidente ang unang napiling kandidato na si DILG Secretary Ronaldo Puno.

Sinubukan ng naghaharing partido na rekrutin bilang kapalit na kandidato ang mga tulad nina Loren Lagarda at Vilma Santos Naghabol din ang partido ni Arroyo na kumbinsehin sina Sen. Richard Gordon, Juan Miguel Zubiri, Ramon "Bong" Revilla, Jr. at marami pang iba, pero tumanggi lahat ang mga ito. Maging si Tourism Secretary Joseph Durano ay sinikap kumbinsihin ngunit nagpahayag siya ng planong tumakbong senador sa ilalim ng iba pang partido.

Sa huli, walang nagawa ang LAKAS-Kamipi-CMD kundi piliing kandidato sa pagka-bise presidente

ang isa pang artista, si Edu Manzano. Maging sa paghahanap ng mga patatakbuhing senador ay hirap na hirap ang partido ni Arroyo.

Peligroso para sa bansa ang lumalaking desperasyon ni Gloria Arroyo sa harap ng kawalan ng pag-asang manalo ng kanyang mga kandidato. Tanging ang pagkapanalo ng kanyang minamanok na maging presidente ang paraan para mailatag ang daan sa pagpapalawig ni Arroyo sa kapangyarihan. Kapag naunsyami ito, sisingilin siya ng bayan sa kanyang mga kaso ng pandarambong at paglabag sa kapatang-tao.

Lumalaki kung gayon ang posibilidad na lumikha ng senaryo ang pangkating Arroyo para mabigo ang eleksyon at mapilitan umanong umupo si Arroyo bilang presidente ng pantransisyon habang inihandang muli ang pagdaraos ng ibang eleksyon.

Hindi aksidente ang pagkakatлага ni Norberto Gonzales bilang bagong kalihim ng depensa dahil sa mahabang karanasan nito sa pagpapakulo ng ganitong mga senaryo. **AB**



18 armas, nasamsam ng BHB sa mga TO

Labingwalong armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa inilunsad nitong mga taktikal na opensiba sa Surigao del Sur, Sorsogon, Davao del Norte at Samar nitong unang hati ng Nobyembre.

Samantala, batay sa mga panimulang ulat, 20 elemento ng kawayan ang napatay at 18 ang nasugatan, habang sa panig ng BHB ay isang Pulang mandirigma ang nalaugas sa labanan.

Reyd sa SUDECOR. Labintatlong awtomatikong riple na kinabibilangan ng dalawang M14, limang Garand at anim na karbin ang nakumpiska noong Nobyembre 11 ng mga Pulang mandirigma ng Laranang Gerilya 30 sa isang walang putok na reyd sa upisina ng Surigao Development Corporation (SUDECOR) sa Barangay Pakwan, Lanuza, Surigao del Sur.

Matapos disarmahan ang mga tropa ng Special Civilian Armed Auxiliary (SCAA) at iba pang bantay ng SUDECOR ay kinumpiska rin ng mga Pulang mandirigma ang pitong *chainsaw* ng kumpanya. Sinirang mga gerilyang bayan ang apat na bulldoser, dalawang *log yarder*, isang *timber jack*, isang *crane*, dalawang *dumptruck* at isang *welding machine*.

Layunin ng aksyong pamarungang ito na pahintuin ang operasyon ng pagtrotroso ng SUDECOR, ani Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front-Northeastern Mindanao Region (NDF-NEMR). Aniya, dapat matigil na ang pandarambong at walang pakundangang paninira ng kumpanyang ito sa kalikasan at sa kabuhayan ng mamamayan.

Gamit ang *bulldozer dragging*, isang sistema kung saan hinihila ng bulldoser ang trosong pinuputol

na sumasagasa sa maliliit na punong kahoy at nangyawas-ak ng kalupaan at mga ilog, mabilis na sinisira ng SUDECOR ang kali-kasan at pinagkakaitan ng kabuhayan ang mga katutubo at setler, paliwanag ng tagapagsalita ng NDF-NEMR.

Nagtangkang su-maklolo noong araw ding iyon ang pinagsanib na mga pwersa ng 58th IB-

Philippine Army, 1405th Provincial Mobile Group (PMG) ng PNP at SCAA. Napatay ang siyam na sundalo ng 58th IB, isang elemento ng PMG-PNP at dalawang elemento ng SCAA nang pasabugan sila ng *command-detonated explosives* (CDX) sa Kilometer 10 sa nasabi ring bayan. Labindalawa ring sundalo ang nasugatan.

Ang SUDECOR ay pag-aari ng malaking



Bihag na sundalo, pinalaya na

Ligtas at maayos na pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong tanghali ng Nobyembre 16 ang kanilang bihag na si Cpl. Dominador Alegre. Bandang hapon ng araw na iyon ay inentrega siya ng *custodial unit* ng BHB kay Mayor Rodrigo Duterte ng Davao City.

Si Corporal Alegre ay inaresto ng mga Pulang mandirigma ng 4th Pulang Bagani Company (PBC) noong Nobyembre 2 sa Monkayo, Compostela Valley kasabay ng operasyong disarma sa mga elemento ng CAFGU na kanyang pinamumunuan. Nasamsam sa walang putok na reyd ang 18 malalakas na armas at iba pang kagamitang militar.

Maaga pa sanang pinalaya si Alegre matapos lumabas sa imbestigasyon na wala siyang utang na dugo sa mamamayan, ani Ka Nadem ng 4th PBC. Gayunman, naantala ito dahil sa mga pagtatangka ng mga sundalo ng 10th ID na agawin siya sa kamay ng BHB.

Kaunay ng pagpapalaya sa bihag ng digma, muling nanawagan si Mayor Duterte sa gubyernong Arroyo na buhayin muli ang naunsaing usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Aniya, ang pagpapalaya kay Corporal Alegre ay magandang hakbang para muling simulan ang usapan.

AB



burgesa kumprador na pamilyang Puyat. Mahigit apat na dekada na itong nananalasa sa 69,000 hektaryang hindi pa napagtotosohang kagubatan (*virgin forest*) ng Surigao. Sa ngayon, 3,000 hektarya na lamang ang natitirang *virgin forest*.

Mga labanan sa Samar, Davao City at Davao del Norte. Dalawang elemento ng CAFGU ang napatay sa ambus na isinagawa ng BHB sa Purok Uno, Barangay Barakatan, Toril District sa Davao City noong Nobyembre 17. Halos kasunod nito ay hinaras ng isa pang yunit ng BHB ang detatsment ng CAFGU sa Purok San Roque sa nasabi ring baryo.

Bago ito, dalawang kasapi ng CAFGU ang napatay at isang sarhento ng Philippine Army ang nasugatan nang tambangan sila ng BHB sa Barangay Bayo, Oquendo District, Calbayog City, Samar nitong Nobyembre 16.

Noong Nobyembre 15, nagkasagupa ang mga Pulang mandirigma ng Larangang Gerilya 33 ng BHB at mga elemento ng 103rd Division Reconnaissance Company ng Philippine Army sa Barangay Salvacion, Mawab, Davao del Norte. Bunga nito, isang sundalo ang napatay at nasugatan ang dalawang iba pa.

Noong Nobyembre 4 sa bayan ng Moises Padilla, Negros Occidental, hinaras ng BHB ang isang detatsment ng CAFGU sa Barangay Macagahay na nasa

ilalim ng 11th IB-Philippine Army. Hindi na naglunsad ng operasyong pagtugis ang kaaway kahit nakaatras na ang mga Pulang mandirigma.

Ambus sa Sorsogon. Apat na pulis ang napatay at limang armas ang nasamsam ng mga gerilya ng Celso Minguez Command ng BHB-Sorsogon sa ambus na inilunsad sa Sityo Pinaradan, Barangay Calomagon, Bulan, Sorsogon noong Nobyembre 9 bandang alas-11 ng umaga. Nasapol kaagad ng CDX ang sinasakyang *patrol car* ng 509th Provincial Mobile Group ng PNP.

Kabilang sa apat na pulis na napatay ay sina P/Insp. Jerson de Leon at ang sagadsaring kontra-rebolusyonaryong si SP01 Johnson Gerola. Si Gerola ay may mahabang listahan ng utang na dugo sa mamayay. May tatlo pang pulis na nasugatan habang isa naman ang tumalilis sa labanan.

Nakasamsam ang BHB ng tatlong ripleng M16, dalawang pistolang .45 at iba pang kagamitang militar.

Sa kabilang banda, nag-alay ng kanyang buhay sa labanang ito ang isang Pulang mandirigma ng Celso Minguez Command.

Isinagawa ang pananambang sa gitna ng matinding operasyong militar ng 903rd Brigade sa nasabing lugar, ayon kay Ka Greg Bañares, tagapagsalita ng NDF-Bicol.

AB

Pagtutol sa proyektong Laiban Dam, lumalawak

Lumalawak ang pagtutol ng mamayay ng Quezon at Rizal sa proyektong Laiban Dam. Nitong Nobyembre 4, dalawandaang Dumagat at iba pang apektadong residente ang nagmartsa ng 148 kilometro laban sa Laiban Dam. Nagsimula ito sa bayan ng General Nakar, Quezon at natapos ito noong Nobyembre 12 sa Maynila.

Nauna rito, nagdaos na rin ng rali-protesta noong Oktubre 19 ang mga Dumagat sa Tanay, Rizal at sa General Nakar sa pamumuno ng Bigkis at Lakas ng Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK). Sinuportahan sila ng mga magsasaka, mangingisda at iba pang sektor mula sa Southern Tagalog.

Ang Laiban Dam ay sinimulan noong 1985 ng diktadurang US-Marcos. Sumasaklaw ito sa 28,000 hektarya ng *watershed area* ng Sier-

ra Madre. Itinigil ang proyekto dahil sa matinding pagtutol ng mamayay.

Sa kabilang pagkakabimbin ng proyektong ito ay walang tigil ang mga rehimen mula kay Ramos hanggang kay Arroyo na buhayang muli ang proyekto para makapagkalal ng limpak-limpak na tubo mula rito. Noong 2005 ay nakipagnegosasyon si Arroyo sa mga dayuhang kumpanya mula sa Japan para rito. Nitong huli, sinimulan ang

Laiban Dam bilang magkasanib na proyekto ng San Miguel Corporation at Metropolitan Waterworks and Sewerage System para umano mabigyan ng dagdag na suplay ng inuming tubig ang mga taga-Metro Manila, maliban pa sa maibigay nitong kuryente.

Napipintong mawasak ang mga tirahan at kabuhayan ng humigit-kumulang 8,000 pamilya mula sa mga barangay ng Sta. Ynes, Mamuya, Tinucan, Cayabu, San Andres, Sto. Niño, Laiban at Daraitan sa Tanay, Rizal at sa Lumutan sa General Nakar, Quezon. Mapapalayas naman sa kanilang mga tahanan ang mga Dumagat mula sa pitong barangay ng Tanay kapag nalubog ang mga ito sa tubig. May posibilidad ding malagay sa malaking peligro ang karamihan ng mamayay ng buong hilagang Quezon kapag pumu-

tok ang dam bunga ng lindol at magbunsod ito ng malawakang baha. Ito'y dahil mapupwesto ang dam sa ibabaw ng mga aktibong *earthquake fault line* o pinagmumulan ng lindol.

Para supilin ang mga sama-samang pagkilos ng mamamayan laban sa mga mapanirang proyektong nagpapanggap na para sa "kaunlaran" ay ipinakat ngayon ng gubyernong Arroyo sa erya ang mga yunit ng berdugong 16th IB ng Philippine Army.

Kaugnay nito, sinabi ng Narciso Antazo Aramil Command ng Rizal (NAAC-BHB) na maglulunsad ito ng mga taktikal na opisiba laban sa Laiban Dam bilang suporta sa pakikibaka ng mamamayan dito. AB

Pag-aayuno laban sa mina, inilunsad

DALAWAMPUT lima katao ang kasalukuyang naglulunsad ng pag-aayuno o *hunger strike* sa tapat ng upisina ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Quezon City para tutulan ang paggawad ng DENR ng pahintulot sa isang kumpanya ng mina na mag-opereyt sa Oriental Mindoro. Kabilang sa mga nag-aayuno ang dalawang pari at 16 na Mangyan.

Iginigiit ng mga nag-aayunong pinamumuan ng Alyansa Laban sa Mina (ALAMIN) na bawin ng DENR ang *environmental compliance certificate* na iginawad nito sa Intex Resources, isang kumpanyang Norwegian, para magmina ng *nickel* sa prubinsya.

Saklaw ng 11,216 hektaryang konesyon ng Intex ang mga ilog ng Mag-asawang Tubig at Bucaya na pinagmumulan ng irrigasyon para sa 40,000 hektarya ng palayan sa Calapan City at mga bayan ng Naujan, Baco at Victoria. Ang mapangwasak na *strip mining* o pagbubungkal sa malalawak na kabundukan at lupain ang paraan ng pagmiminang gagamitin ng Intex.

Tinukoy din ng ALAMIN na labag ang pagkakagawad ng permiso sa Intex sa 25-taong suspensyon ng pagmimina sa Oriental Mindoro. Wala ring konsultasyong ginawa ang DENR sa mga residente at sa lokal na gubyerno.

Ocampo, Maza tatakbo sa Senado sa 2010

PORMAL na inihayag noong Nobyembre 12 ng koalisyon partidong Makabayan na tatakbo sa Senado sa eleksyon 2010 si na Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna (BM) at Rep. Liza Maza ng Gabriela Women's Party (GWP). Inihayag ang kandidatura nina Ocampo at Maza matapos iendorso ang kanilang kandidatura sa katatapos lamang na pambansang kumbensyon ng BM at GWP na magkahiwalay na ginanap.

Si Ocampo ay nagsisilbi nang kinatawan ng BM sa Kongreso mula 2001. Si Maza naman ay unang nagsilbing kinatawan ng BM noong 2001 hanggang 2004 at kinatawan ng GWP mula 2004 hanggang sa kasalukuyan.

Napagpasyahan din sa kumbensyon ng BM na magpapaturoy bilang mga nominado ng Bayan Muna sa House of Representatives sina Rep. Teodoro Casiño at Rep. Neri Colmenares.

Napili namang ikatlong nominado ng partidong Anakpawis para sa House of Representatives si Randall Echanis sa ginanap ding kumbensyon ng partido. Sakaling makakuha ng maksimum na tatlong pwesto sa eleksyon ay susunod siya kina Rep. Rafael Mariano at Rep. Joel Maglunsod.

Diskwalipikasyon ng mga progresibong partido, pakana ng rehimen

MARIING binatikos ng iba't ibang progresibong partido ang pagtanggi ng Commission on Elections (COMELEC) na bigyan sila ng akreditasyon upang makalahok sila sa darating na halalan sa 2010.

Unang tinanggal sa listahan ng mga aprubadong partido ang Migrante Sectoral Party. Ang Migrante ay sektoral na partido ng *overseas Filipino workers* (OFW). May motibong pulitikal ang desisyong ito, ani Connie Bragas-Regalado, tagapangulo ng partido. Ang Migrante ay isang progresibong partido na may malaking potensyal na makakuha ng pwesto sa Kongreso.

Nitong Nobyembre 20 ay inianunsyo rin ng COMELEC na diskwalipikado rin ang Alliance of Concerned Teachers (ACT), partido ng mga guro at mga kawani sa edukasyon at ang COURAGE, partido ng mga kawani ng gubyerno. Ito'y dahil wala umano silang mga kasapi. Marin itong binatikos ni Antonio Tinio, pangulo ng ACT, dahil umaabot sa 15,000 ang bilang ng mga kasapi nila sa buong bansa.

Pulitika rin ang nasa likod ng pagkakatanggal ng partidong Ang Ladlad, isang sektoral na organisasyon ng mga bakla, at sa Samahang Magdalo, partido ng mga sundalang negrebelde sa rehimeng Arroyo.

Karamihan ng mga di binibigyan ng akreditasyon ng COMELEC ay mga partidong kritikal sa rehimeng Arroyo. Ito'y para mabigyang-puwang ang mga bogus na grupo na papapasukin sa Kongreso ng rehimeng Arroyo at mas makontrol ng naghaharing pangkatin ang Mababang Kapulungan.

EO 839, drama ng Malacañang at mga kumpanya ng langis

HALATANG drama lamang ng Malacañang na sinakyan ng mga monopolyong kumpanya ng langis ang pagpapairal ng EO 839. Inilabas ng Malacañang ang order para umano maibsan ang paghihirap ng mamamayan sa panahong inuulan ang rehimeng Arroyo ng kabi-kabilang batikos dahil sa naipakita nitong kainutilang tulungan ang mamamayang nasalanta ng bagyong Ondoy at Pepeng. Pero huling-huli na ang order dahil inilabas ito tatlong linggo matapos ang bagyo.

Sa katanungan, walang intension ang Malacañang na totoong gamitin ito para mapigilan ang pagtataas ng presyo ng langis. Pampabango lamang ito sa mabahong-mabaho nang imahan ng rehimeng US-Arroyo sa mamamayang Pilipino. Wala itong sinseridad dahil hindi naman nito ibinasura ang Oil Deregulations Law, na siyang nagtanggal sa kontrol ng presyo ng langis. Ginamit lamang ang EO 839 para sagutin ang mga tanong kung bakit kinokontrol ang presyo ng pagkain at iba pang saligang bilihin pero hindi ang langis na isa sa mga pangunahing saligang bilihin at may malaking epekto sa presyo

ng iba pang bilihin.

Batid ng mga monopolyong kumpanya sa langis na pakulo lamang ng rehimeng Arroyo ang EO 839 at walang totoong balak itong totohanin at patagalin ito. Pero sinakyan nila ang gimik na ito at nagsagawa rin sila ng kung anuanong katugong drama. Humingi pa sila sa korte ng Temporary Restraining Order para pigilin ang implementasyon ng EO. Sinabi ng mga kumpanya sa langis na nalugi na sila nang ilampung milyon sa loob ng ilang araw na napigil ang pagtataas ng presyo ng langis. Nagbanta silang ihinto ang importasyon ng langis, bagay na sinu-

hayan naman ni Energy Secretary Angelo Reyes na nagsabing ang EO 839 ay nagdulot ng panganib na magkaroon ng kakausan sa suplay ng langis. Nanakot pa ang mga kumpanya sa langis na ang EO 839 ay magiging sanhi ng pag-atas ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa.

Kunwa'y nagmatigas pa ang Malacañang pero di nagtagal ay binawi na nito ang EO. Agad nagsitaasan ang presyo ng langis pagkataso ang pag-atas ng EO noong Nobyembre 16. Nagtaas ng abereyds na ₱2 kada litro ang tinaguriang "Big 3"—ang Pilipinas Shell, Chevron Philippines (dating Caltex) at Petron Corporation. Ang itinaas ng presyo ng krudo kada litro ay ₱2.00; gasolina, ₱1.25 hanggang ₱1.50; at gaas, ₱1.50. Dalawang piso kada kilo naman ang itataas ng Shell at Petron sa *liquefied petroleum gas*.

Disemplyo, kagutuman sa US lalong lumalala

TALIWAS sa pinagsasabi ng mga tagapagtambol ng imperyalismong US napapatapos na ang pinakamahaba at pinakamalalang resesyon sa kanilang bayan sa loob ng 70 taon, lalo pa ngayong tumataas ang disemplyo at kagutuman sa US.

Mula nang magsimula ang kasalukuyang resesyon sa US noong pagtatapos ng 2007, umabot na sa 7.3 milyon ang mga nawalan ng trabaho. Umaasa ang gobyerno ng US na makaraang umabot sa 9.8% ang disemplyo nitong nagdaang Setyembre ay bababa na ito. Ngunit lumabas na 10.2% para sa buong kwarto—pinakamataas sa loob ng halos tatlong dekada. Sa pagtataya ng maraming eksperto, mas mataas pa ang aktwal na disemplyo.

Di na isinasasama sa pwersa sa paggawa ang mga tumigil na sa paghahanap ng trabaho dahil wala na silang makitang mapagtatrabahuan. Kung isasama sila, tataas pa sa 17.5% ang aktwal na tantos ng disemplyo.

Bukod dito, may tinutukoy din ang mga dalubhasa sa ekonomya at estadistika na iba pang mga problema sa sistema ng pagbibilang ng gobyerno na kung maiwasto ay magpapakita na may karagdagan pang 824,000 nawalan ng trabaho nitong nakaraang 12 buwan.

Lumalala rin ang kagutuman ngayon sa US. Ayon sa pinakahuling ulat ng US Department of Agriculture Economic Research Service, noong 2008 ay umabot sa 49 milyonang di na nakakakain nang sapat. Kabilang dito ang halos 17 milyong bata. Mas mataas ito nang 36% kumpara sa 36.2 milyong nagugutom noong nakaraang taon.

Ang naabot na 14.6% na tantos ng kagutuman ang pinakamataas na sa US mula nang simulan noong 1995 ang pagsasarbey sa kagutuman doon. Nakikintang lalo pang lalala ang kagutuman bunga ng paglala pa ng disemplyo sa US ngayon.



Editoryal

Laban sa Hacienda Luisita, inspirasyon sa buong bansa

Ang pakikibaka sa Hacienda Luisita Inc. (HLI) ay nagsisilbi ngayong sagisag ng laban sa pyudalismo at para sa tunay na repermang agraryo sa ilalim ng mahigit dantaon nang paghahari ng mga luma at bagong malalaking panginoong maylupa. Mala-king inspirasyon ito sa pagsusulong ng interes ng sambayanan at pakikibaka para sa pangunahing nilalaman ng bagong demokratikong rebolusyon: lupa para sa mga walang lupa. Nililikha ng sitwasyon sa Hacienda Luisita ang mas marami at mas mainam pang mga oportunidad para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan at digmang bayan.


Nailalarawan hindi lamang sa asyenda kundi sa buong bansa ang mahigpit na pagkakaisa at puspusang pakikibaka ng mga magsasa-

ka at manggagawang bukid sa asyenda para isulong ang tunay na repermang agraryo at basagin ang pyudal na monopolyo sa lupa. Nailalarawan ang kahang-hangang tapang at lakas, at ang masigasig na pagpupursige ng mamamayan sa asyenda sa kabilang labis-labis na mga disbentahe at sa harap ng mga panlilinlang, panggigipit at pandarahas ng malaking panginoong maylupa at kinakasangkapan nitong mga pwersa, ahensya at rekursong reaksyunaryong estado.

Ang mga tampok na sitwasyon sa HLI ay nagbibigay sa laban doon ng ibayong timbang sa pulitika at masaklaw na implikasyong sosyo-istoriko sa buong bansa.

Tumampok sa laban sa asyenda ang kahungkagan ng *stock distribution option* bilang tusong anyo ng kunwa'y pagpatupad ng reperma sa lupa, pero sa katunaya'y pagpapatuloy ng monopolyong pyudal sa asyenda. Pinatampok din nito ang iba pang mga paraan ng malaking panginoong maylupa para lalong gipitin at pahirapan ang mga magsasa-ka at manggagawang bukid doon.

Ang laban sa asyenda ay pinatampok lalo ng masaker na inihasik ng malaking panginoong maylupa at mga pasistang pwersa ng reaksyunaryong estado sa pagsisikap na wasakin ang welga limang taon na ang nakararaan, at ang di natitinag na paglaban ng mamamayan doon. Tama lamang na singilin ng mamamayan ang rehimeng US-Arroyo, ang malaking panginoong maylupa pang pamilyang Cojuangco at Aquino, at ang gina-



***Mga tampok
sa isyung ito...***

**Kasaysayan
ng Hacienda Luisita**
PAHINA 5

**Lider-magsasaka
sa Bikol, pinaslang**
PAHINA 7

18 armas, nasamsam
PAHINA 11

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com